# THE NAVIGATOR

# TAKE '10

## Ang Tungkulin ng Navigator

**1 Ang kahalagahan ng pagiging tao**

Ang kagamitan para sa nabigasyon ay higit na nagiging awtomatiko; gayon pa man, ang mga kritikal na desisyon ay kailangan pa rin gawin ng mga maaasahang taong nabigante.

**2 Isang mundo ng pangangalakal**

Naghahatid ng 90% ng kalakal sa mundo sa pamamagitan ng barko. Ang mundo ay umaasa sa mga opisyal ng nabigasyon ng barkong iyon para sa ligtas at mabisang transportasyon.

**3 Motibasyon, motibasyon, motibasyon**

Ang mga propesyonal na nabigante (navigator) ay dapat may motibasyon para maging mahusay sa kanilang ginagawa. Hindi sapat ang pagsasanay lang para matiyak na ang mga indibiduwal ay nananatiling may motibasyon at may tiwala sa sarili sa kanilang mga kakayahan.

**4 Pagpapalit-palit ng mga takdang lugar**

Tayo ay kasalukuyang nasa panahon ng mabilis na pagbabago na wala pang nakakagawa sa larangan ng maritime. Ang mga pagbabago sa teknolohiya, regulasyon, masusing pagsisiyasat ng publiko at demand para sa espasyo sa dagat ay nangangahulugan na napakahalaga para sa mga nabigante para patuloy na matuto at maisapanahon ang kanilang kaalaman nang mag-isa. Sa madaling salita, para magpatala sa proseso na kilala bilang continuing professional development (CPD) o patuloy na pagpapahusay sa propesyon.

**5 Ang Pantaong Dahilan**

Ang mga kakayahan sa pagiging seaman at kaalaman batay sa karanasan ay mahalaga. Ang mga kagamitan na gamit sa nabigasyon ay hindi 'nakakaramdam', samakatuwid, tayo ay umaasa sa mga taong nabigante para ipaliwanag ang impormasyon, batay sa kanilang katutubong ugali, kaalaman at karanasan.

**6 Ipagpatuloy ang paggagabay at pagtuturo sa iba**

Habang ang mga pangunahing prinsipyo ng pagiging seaman ay matutuo sa silid-aralan, ang pagiging seaman ay maaari lang mauunawaan nang lubos sa pamamagitan ng taon-taong karanasan sa dagat. Ang paggagabay at pagtuturo habang nakasakay sa barko, o ang pamamahagi ng kaalaman sa isa't isa, ay mahalaga para sa pagpapaunlad ng kakayahan sa nabigasyon, at pati na rin ang paglilikha ng isang kapaligiran kung saan pinapahalagahan ang mga indibiduwal.

**7 May mga bagay na luma; may mga bagay na bago**

Ang mga tradisyonal na kakayahan at mga bagong pamamaraan ay parehong kinakailangan para sa ligtas at mabisang nabigasyon. Mahalagang alamin ang dalawang ito at gamitin nang may angkop na balanse.

**8 Sentido kumon**

Ang pananatili ng kamalayan sa mga pangyayari ay mahalaga sa isang ligtas na nabigasyon. Hindi laman ito nagagawa sa paningin, ngunit gamit ang lahat ng pandamdam habang gumagalaw ang barko at nagkakaroon ng kamalayan sa mga naririnig at naaamoy. Sa panimula, ang pinakamahalagang bagay ay magkaroon ng ganap na pananaw batay sa pagpapasya at sentido kumon.

**9 Manatiling alisto**

Karamihan sa mga aksidente sa dagat ay nagaganap sanhi ng pagkakuntento sa kasalukuyang kalagayan. Tinataya sa isang ulat na 60% ng mga banggaan ay naganap nang ang isa o parehong mga sasakyang pandagat ay nabigong matuklasan ang bawat isa, hanggang sa huli na ang lahat. Maraming mga pagkalingat sa isang tulay at maaaring nakakatuksong gamitin ang awtomatikong paglalayag. Humanap ng mga paraan para mapamahalaan ang pagiging alisto; ang banggaan sa dagat ay maaaring makasira sa buong araw ninyo!

**10 Ilagay ang sarili sa situwasyon ng iba**

Kapag umiiwas sa mga banggaan at ginagamit ang Collision Regulations (COLREGS), ito ay parating magagamit para maisip ang inyong mga kilos mula sa pananaw ng ibang mga sasakyang pandagat. Ano ang kanilang nakikita ngayon?




Read all issues of *The Navigator* for free

**www.nautinst.org/thenavigator**

Google play | Download on the App Store | Available on kindle fire

The Nautical Institute

in association with

STEAMSHIP MUTUAL